**Abstract**

Ang Semana Santa ay isang pagtatanghal ng maraming *engkuwentro* ng karanasan at kahulugan. Sa personal na sanaysay na ito, binabasa ng may-akda ang pagtatagpo't paglilihis ng mga espektakulong binabaybay ang danas at dahas sa isang senakulong tampok din tayong mga tauhang muling naghuhubad, nagbibihis, naghuhubad upang isakatuparan ang mito ng walang hanggang paghuhunos at pagtutubos sa ating palagiang mga kinokolorum.

**Keywords**

kasarian
relihiyon
kabikolan

**English title**

A Good Friday Dress Rehearsal

# ANG SENAKULO NG MGA COLORUM

**KRISTIAN SENDON CORDERO**

## I

*Ang Kristo sa Sabungan, Ang Kristo sa Salubong*

MAY MGA PATAK ng kandila sa kalsada at tamang-tama lamang ang hagod ng hangin para sa mga sumama sa prusisyon. Umiihip lamang ito para dampian at patikman ng kaunting lamig ang kanilang mga pinagpapawisang katawan. Sa marami, ang paglalakad na ito ang kanilang sakripisyo. Marami rin ang tiyak na nag-iisip na mabuting ehersisyo ang pagsama sa prusisyon, lalong-lalo na ang mga bakasyonistang galing lungsod.

Parang isang sabungan ang eksena sa labas ng simbahan ng bayan ng Baao tuwing Biyernes Santo. Iyon nga lamang, sa araw na ito patay ang Kristo. Sa sabungan, ginagamit din ang Kristo para tukuyin ang referee,

ang middleman. Si Kristo ang tumatayong tagapamagitan ng Diyos Ama at ng sangkatauhan. Kung nananalangin man sila kay San Pedro na papanalunin ang kanilang mga manok, na kay Kristo sa sabungan pa rin ang huling alas. Magkaiba ang Kristo sa sabungan sa Kristo na sa Linggo ay bida sa salubong.

Marami sa mga sumama sa panghapong prusisyon ng Santo Entierro o Amang Hinulid ang nagpasyang huwag nang umuwi sa kani-kanilang bahay, dahil nalalapit na rin ang simula ng prusisyon ng La Soledad. Sa programa ng parokya, sisimulan ito pagsapit ng alas-dyes ng gabi. Kasama ang tatlong Maria: si Veronica na may hawak ng panyong may imahen ng pugot na ulo/mukha ni Jesus; si Salome na madalas ding tawaging Cleofe, may hawak na walis tingting dahil diumano'y siya ang naglinis ng puntod; at si Magdalena na may dalang isang bote ng pabango o kaya'y insenso. Kamakailan nadagdagan na rin ng dalawa pang Maria ang prusisyon dahil na rin sa hiling ng mga bagong "mayayaman" sa bayan, mga OFW na gusto ring magpakita ng kanilang bagong status symbol. Ang pagkakaroon ng pasos ang isa pa rin sa visible representations ng pagiging noveau rich. Kaya may biglaang imahen si Juana, isang mayamang babae na kasama rin sa mga nagbibigay ng pondo diumano kay Jesus. Benefactor. Bagay na gustong-gusto namang itinataguyod sa mga parokya. At ang laging second-rate trying hard na kapatid na si Santa Marta, kapatid ni Magdalena na napagalitan ni Jesus dahil puros trabaho ang nasa isip. Siyempre, kasama rin ang mukhang babaeng si San Juan.

Sa muling pag-usad ng prusisyon ng Soledad, pabaligtad na ang pagtahak sa ruta ng mga birheng maghahanap ng labi. Malakas ang kutob ko na may kinalaman ang ganitong "pabaligtad na pagtahak sa ruta ng prusisyon" sa kinasanayang pag-ikot din sa bahay ng namatayan pagkatapos ng libing. Simboliko rin ang pabaligtad na pagtahak para "mabuo" ang ikot-toki na kamalayan, ang kabilugan ng naratibo ng katubusan.

Marami ang tumungo sa ilang tindahan sa palengke para bumili ng panawid-gutom. Nandoon ang nagtitinda ng balut katabi ng nagtitinda ng barbecue, lumpiyang shanghai, adobong kuhol, salted na mani. Sa kabila ng pagiging isa ito sa mga araw na itinalaga upang mag-ayuno, marami pa rin naman ang tila mga gamugamong nakapalibot sa mga tindahang ito na naiilawan ng mga gaserang yari sa bote ng gin na ang mitsa ay telang binalot ng palara ng sigarilyo. Ang ilan nama'y piniling

maghintay sa magkatabing stalls ng Burger Machine at Franks. May maliliit na tindahan din sa paligid ng patio kung saan pilit na hinihila ng ilang bata ang kanilang mga magulang o matandang kasama para ibili sila ng kendi at ng magic sticks na pinaglalaruan ng ilang kabataan: inihahagis ito sa ere at pagkatapos ay sinasalo; isinusuot naman ito ng iba na parang kuwintas o kaya nama'y pulseras. May nagtitinda pa ng mapulang sungay ng demonyo na isinusuot ng mga nagkakatuwaang bata.

Napagalitan ang isang grupo ng kabataang naglalaro nito dahil naiitsa ang magic stick at natamaan nito si Maria Salome, ang isa sa mga Mariang may hawak na walis tingting na tila nga laging maghahabol ng nagpapasaway na bata. Madalas kong marinig noong bata pa ako na kung hindi ako mag-aayos ng sarili o magiging suwail ako, kukunin ako ng mga "Hudyo," ang ginagamit na pantukoy sa mga "kalaban ni Jesus" na sa kalauna'y matatanto kong hindi pala mga Hudyo kundi mga Romanong sundalo na nasa tabi ng pinapahirapang Mesiyas. Sa karatig-bayan ng Buhi, may isang kinakatakutang imahen ng isang punong saserdote, ang ginagamit ng matatanda para madisplina ang mga bata. Si Samuel Bilibit o Turo-turo. Pinaniniwalaan na kapag naituro ka ni Samuel Bilibit, magkakasakit ka sa tiyan. Sa kuwento, si Bilibit ang paring itinuro-turo si Jesus habang nakapako at sinabihang bumaba mula roon at patunayang siya ang tagapagligtas ng bayang Israel. Bilang ganti sa pari, isinumpa ito diumano na maglakad nang nang maglakad, ikutin ang buong mundo (parang si Cain o ang Wandering Jew) hanggang sa maging ganap na lamang itong hangin, isang masamang hangin.

Kung dati-rati'y ipinagbabawal ang labis na pag-iingay sa tuwing Kamahalan, iba na ang eksenang tumatambad sa espasyong ito ng bayan ng Baao kung saan napakaliit ng mga tanghalan para sa ganoong pagtatakda ng pananahimik sa ganitong okasyon. Iisipin mong isa ito sa pinakamagagarbong okasyon; isang malaking piyesta ang araw na ito ng pagpatay o kamatayan ng isang Diyos-tao. Nagbago na ang mga demarkasyon ng panahon at espasyo, ng buhay sa kamatayan. Ang mga simbolo ng simbahan at rebelasyon ng relihiyon ay napapalitan na ng mas kalkuladong pangangailangan na dala ng pang-araw-araw na ekonomiya at tagisan ng tubo na sa Biyernes na ito o sa buong linggong ito ang kapital ay hindi lamang ang mga kasalanang binabanlawan kundi nasa ubod pa rin ng relihiyong nangangapitalista sa nosyon at basbas ng sangla-tubos ng buhay.

Sa harapan ng simbahan makikita ang pamilihang bayan samantalang sa gawing kanan nito ang isang covered court at ang pamahalaang bayan o munisipyo. Sa covered court, makikita ang napabayaang stained glasses na nagpapakita ng isang bisyon ng kasaysayan ng bayan, na balang-araw uunlad rin ang bayang ito nina Jorge Barlin at Luis Dato. Sina Barlin at Dato ang mga pangunahing anak na bayan na kinikilala sa Baao. Si Barlin ang kauna-unahang obispong "Filipino" na nakilala dahil sa kaniyang kasong isinampa laban kay Vicente Ramirez, isang dating Katolikong pari na sumanib sa bagong iglesia na itinatag nina Isabelo de los Reyes at Gregorio Aglipay. Nakarating sa Korte Suprema ang kaso at nanalo si Barlin at ang simbahan ng Roma. Si Dato naman ay isang makatang binigyan ng pagkilala bilang "Outstanding Catholic Poet." Naging maestro at peryodista ang makatang si Dato na isinalin din ang Pasyon sa Ingles. Nagsilbi rin siyang alkalde ng Baao ngunit natalo sa pagtakbo niya bilang gobernador ng Camarines Sur. Kalat ang balitang babaero si Dato at may mga sabi-sabi na minsang nakita itong nakahubad, pumanhik sa kanilang bubong at tumula nang tumula isang gabi.

## II
### *Nawawala, Nagwala si Pilato*

Habang naghahanda para sa prusisyon ng La Soledad, may isang grupo namang nagtatanghal ng senakulo sa covered court ng bayan. Isa lamang ito sa tatlong senakulong isinasagawa sa bayan ng iba't ibang pangkat, na may kani-kaniyang agenda. Ang isang community theater group sa Baao ay minsan nang nagpalabas ng Pasyon ni Juan de la Cruz. Sosyo-politikal ang naging atake: ang Pasyon ni Kristo ay krus na pasan rin ng mga Filipino. Bihira na lamang ang pagtatanghal ng nasabing grupo lalo na nang mamatay dahil sa kanser sa suso ang lider ng community theater. Ang natitira na lamang ay itong sa covered court, na tila iba ang kalendaryo sa katolikong simbahan. Hahatulan pa lamang ng kamatayan si Kristo sa covered court, samantalang sa parokya ay hinahanap na ng mga Maria ang libingan. May isang pagtatanghal na naging karambola ang mga susunod na pangyayari dahil tanghalian na ng Sabado de Gloria at hindi pa rin mahanap si Pilato. Kung kaya kinailangan nilang gisingin ang bagong-bigting si Hudas at damitang Pilato para mahatulan na ng kamatayan ang Kristo na kailangang umalis nang Linggo at mag-training sa Manila. Nakatakda itong magtrabaho bilang construction

worker sa Saudi. Nasa entablado na si Hudas at pinapipili na ang madla kung si Kristo o si Barabas ang kaniyang papalayain, nang dumating ang nawawalang si Pilato at lasing. Niyaya pala ito ng isang kumpareng balikbayan at nagkatuwaang inumin ang stateside na alak na ibang-iba sa kaniyang ceremonial drink na Tang (grapes ang flavor). Nagwala nang nagwala si Pilato nang makitang iba ang nakatayo sa entablado. Tila naging eksena ng paglilinis ng templo nang nagwala na si Pilato, at napakabilis ng sumunod na mga tagpo dahil parang kidlat na nakaakyat sa entablado si Pilato at sinuntok si Hudas.

Lihis man o sinasadya ng grupong ito ang di nila pagsunod sa oras ng parokya, nitong mga nagdaang taon, tanging ang grupo na lamang na ito ang nagpapatuloy sa kanilang "passion play" sa may covered court na umaabot ang naratibo sa muling paghahanap ni Elena ng tunay na krus ni Kristo at ang ganap na pagpapabinyag diumano ng Emperador Konstantino sa Kristiyanismo. Nasesante nang isang taon si Pilato samantalang pabago-bago na ang gumaganap na Kristo. Si Hudas nama'y lumipat sa mga Iglesia ni Kristo pagkatapos ng suntukan sa senakulo. May mga panaka-nakang manonood pa rin naman ngunit hindi rin nagbababad dahil na rin sa mas marami na ang taong pumipila para sa prusisyon ng La Soledad.

Sa katunayan sila-sila na lamang ang mga nanonood ng kanilang passion play at marahil ang ilang kakilala rin nila sa bayan. Mahahalatang hapong-hapo na ang mga tauhan ng passion play na ito, mula kay Pilato hanggang sa hagbayong gumaganap na si Kristo at sa mga batang birheng naghahabulan sa covered court dahil tapos na ang kanilang eksena.

Sa loob ng simbahan, nalalambungan pa rin ng telang kulay itim at lila ang mga imahen. Iisipin mong lumikas ang mga espiritu nila at sumapi sa mga naroroon sa senakulo. Tinatakpan ang mga imaheng ito upang dalhin lamang ang atensiyon ng mga nagdarasal sa krus na nasa altar. Sa pinagdadausan ng senakulo, inalis din ang ring ng basketbulan para maiwasan ang paglalaro ng mga bata habang nagtatanghal itong grupong kilala sa tawag na Colorum.

## III
## *Ang Birhen at ang Tatlong Bakla't Binabae*

Di nagtagal nagsimula nang may magsalita sa loob ng parokya. Isang seminarista na nakatakda nang ordenahan sa susunod na buwan ang

nagbigay ng isang Marian exhortation, isang sermon na nakatuon ang laman tungkol sa mga sakripisyo ng Mahal na Birhen. Ipinaliwanag niya ang tungkol sa Siete Dolores ni Maria. Naghalo-halo ang kaniyang wika. Nagsimula siyang bumati sa Rinconada, sinundan ng Bikol-Naga, hanggang sa napilitan siyang paghalu-haluin ang Bikol at Ingles. Sa pagtatapos ng Marian exhortation, nagtanghal ang mga Estudiantinas ng ilang kansiyon para sa birhen. Marami ang kumuha ng retrato at videos para ipakita sa mga kaanak na di makadadalo sa espesyal na okasyon.

Nang matapos ang pagtatanghal ng mga Estudiantinas, saka naman magsisimulang paandarin ang generators ng mga karosa. Muling magliliwanag ang patio na parang isang napakalaking punerarya. Ilan sa mga karosa ang wala nang masyadong samyo sapagkat ilang parokyano na ang panakaw na kumuha ng mga bulaklak sa pasos na ginagamit ding anting-anting. Inilalagay ang mga ito sa kanilang mga bintana o altar, pangontra sa mga malignong maaaring pumasok sa kanilang mga balay. May mga ginagamit rin nito sa pagpapaligo sa kanilang mga panabong o sa mga kamag-anak nilang may sakit.

Sa prusisyon ng La Soledad, kinagisnan ko na, na tanging ang mga babaeng birhen lamang ang sumasama, maliban kay San Juan Ebanghelista na mukha rin namang babae. Samantalang naiiwan na sa patio o tuluyan nang iniuuwi ng kani-kanilang tagapag-alaga ang mga imahen nina San Pedro, Nicodemus, at San Bartolome. Ang imahen naman ng Santo Entierro ay ipinapasok na sa simbahan o iniuuwi na ng kaniyang tagapag-alaga. Sa Linggo ng Pagkabuhay, mapapansin na sa Santo Entierro pa rin pumupunta ang mga tao upang magdasal kaysa sa imahen ng Resurrecion. Mas malakas marahil para sa atin ang kapangyarihan ng mga patay at di hamak na mas magarbo ang ataul. O baka hindi nga naman patay ang tingin natin dito dahil tinatawag din itong *Amang Hinulid*. Sa salitang Bikol, mula ang Hinulid sa *holid* na tumutukoy sa paglipat sa sanggol o sa bata sa kuna o kama kapag ganap na itong nakatulog. Ibig sabihin, natutulog lang marahil ang tingin ng matatanda sa Santo Entierro. Hindi ganap na patay ang Kristo, kaya maaari pa ring kausapin ito dahil natutulog lamang ito.

Sa ilang bayan at ayon na rin sa kuwento ng matatanda sa parokya, tanging ang Birhen ng Soledad lamang ang prinuprusisyon sa gabing ito na itinatanghal ang "paghahanap ng labi at libingan" ni Jesus. Nauso lamang ang pagsama ng iba pang birhen dahil na rin sa hiling sa kura ng mga may-ari ng karosa na isama na rin sa prusisyon ang iba pang Maria, dahil

isahang beses sa isang taon lamang nagaganap ang ganoong prusisyon. Sa Soledad sa Iriga, na karatig-lungsod ng Baao, kasama pang ipinuprusisyon ang Santo Entierro dahil na rin sa kagustuhan at ibang interpretasyon ng kura. Maraming pagpapaliwanag sa prusiyon ng Soledad kung ano ang "kahulugan" o koneksiyon nito sa selebrasyon ng Semana Santa. Marami ang aking nakapanayam, partikular na ang matatanda, na nagsasabing ito'y paghahanap ng libingan ni Jesus dahil itinago diumano ang tunay na libingan ng maestro ng mga sundalong Romano.

Magiging kahalintulad ang ganitong pagtago sa libingan ng Dakilang Maestro, sa nangyari rin sa labi ni Jose Rizal. Sa ebanghelyo, tinukoy ang libingan ni Jesus na pag-aari ni Jose ng Arimatea. Kung gayon, tiyak na alam ito ng kaniyang Ina, kaya hindi maaaring mangyari ang nasabing paghahanap. Sa ngayon, walang isang opisyal na pagpapaliwanag ang institusyonal na simbahan tungkol sa prusisyon ng Soledad, maliban sa ito'y isang penitensiyal na gawain. Sa palagay ko, may kinalaman ang nasabing paghahanap ng libingan sa parehong pagtatanghal ng paghahanap ng "mapapanganakan" sa Mesiyas. Sa madaling sabi, ang Soledad ay may kaugnayan sa ritwal ng Panunuluyan. Sa parehong dahilan na ipinanganak siya sa isang yungib, muli rin siyang ililibing sa isang yungib.

Katulad ng iba pang Katolikong ritwal, ang pagsusunog ng insenso ang hudyat ng simula ng Soledad. Humahalo ang amoy ng insenso sa tinig ng mga nagdarasal, sa tugtog ng mga musikero, samantalang patuloy pa rin ang samot-saring uri ng pag-uusap ng mga taong kasali sa prusisyon. Iba't ibang uri ng tao ang nagsasalita, nakikipag-usap sa kani-kanino, parang matraka ang mga dila. Sala-salabid na tinig. May mga naghuhuntahan, mga tahimik na magkasintahan na palihim na nagkita sa gabing ito, mga dating magkaklase sa Catholic academy, sama-sama na binabagtas ang pabaligtad na ruta ng prusisyon.

Sa unang estasyon, sa balay ng mga Arroyo (ancestral house ng isang dating senador) humihinto ang imahen ng La Soledad. Sa paghinto ng kaniyang karosa, humihinto rin ang ulo ng prusisyon, samantalang ang mga sumunod sa karosa ng Birhen ng Soledad o ang Mater Dolorosa ay mag-uumpukan na sa harapan ng matandang balay sa palibot ng isang maliit na entablado, na may arkong nasasamyuan ng mga bulaklak. Sa dalawang poste nito'y may paso ng mga bogambilya, mga alanganing pula at rosang bulaklak na namumukod ang pamumukadkad sa buwan ng Abril.

Sa arkong ito inaasahang tatayo ang unang cantora. Karaniwan na siyang nakasuot ng itim (mukhang toga sa graduation) at natatakpan din ng belong kulay itim ang kaniyang buong mukha. Sa taon na ito, dalawang cantora ang unang lumabas. Walang takip ang kanilang mga mukha at halatang gumamit ng makeup ang dalawa. Nakasuot pambabaeng katulad ng mga birheng pinuprusisyon. May mga nakakakilala sa kanila. May ilang hagbayong napatawa sa kanilang nakita. May nagbulungan dahil nahalata nilang magkambal ang dalawang cantora. Ngunit marami ang tahimik na nag-abang sa kanilang pagtatanghal. Pinatay ang generator at panandaliang tumigil ang mga matandang nagsasanto rosaryo. Lumabas ang pangunahing cantora na nakasuot ng purong itim, masisilayan ang kaniyang mukha sa likod ng manipis na belo. Kilala ng lahat kung sino ang tatlo at kung sino ang pangunahing cantora. Si Michael. Mula siya sa kilalang angkan, at tiyo niya ang meyor. Isa siyang guro sa public high school, at may kapatid na pari.

Ininsensohan ng kura ang altar kung saan nakatayo ang tatlong cantora, at saka nagsimulang marinig ang tugtog ng gitara. Ito ang unang pagkakataon na tatlong bakla ang umawit ng "Plegaria de la Virgen de Santa Maria" at "Pobre Madre" sa imahen ng Mahal na Birhen na nakapukol ang tingin sa kaniyang dibdib na may punyal. May ilang namangha sa boses-babae ng tatlo. May ilang napausal ng tahimik na dasal. Sa gabing itong bilog na bilog ang buwan, tila may anghel ng kamatayan na humihimpil sa bakurang iyon ng matandang angkan. Natahimik ang buong paligid habang umaawit ang tatlong cantora na tila pinaghehele ang imahen ng La Soledad.

Walang nakapapansin sa ilang kristal, patak ng luhang idinikit sa pisngi ng nagluluksa't ulilang Ina. Para itong ngipin na malapit nang matanggal ngunit wala ni isa man ang magtatangkang kunin o hanapin o abangan ito at gamiting anting-anting. Sa pagtapos ng pagtatanghal, may ilang kasali sa prusisyon ang di napigilang pag-usapan, hindi ang tinig ng mga cantora kundi ang suot-suot na contact lens ng mga ito. Parang mga mata ng pusa.

Sa tomo ng mga mito na kinolekta ni Damiana Eugenio, nakatala ang isang alamat na nagpapaliwanag sa pinagmulan ng mga sinasabing "bakla/tomboy" sa mundo at ito'y dahil sa nangyaring pagpapalit-palit ng mga ulo ng lalaki at babae sa mga hindi dapat sanang kinalagyan nito. Sa alamat, bida muli ang mga tauhan ng Pasyon, sina Jesus at San Pedro. Siyempre magsisimula ito sa matandang kaayusan na wala

pang mga bakla noong araw bago nangyari ang trahedyang ito. Dahil pagod na pagod na diumano ang mga alagad at si Jesus, nagpasya silang magpahinga sa isang bayan at naghanap ng matutuluyang silid. Sa di-inaasahang pagkakataon, may isang piging sa karatig-silid. Mainit ang panahon, at umaasa silang makakaidlip man lamang ngunit sadyang magulo at maingay ang mga nasa kabila. Nakiusap naman silang huwag maging maingay dahil nais nilang magsiyesta. Hindi sila pinagbigyan ng nagpipiging na mga tao. Sa inis at galit ni San Pedro (at dahil bugnutin at presentado-tarantado ang alagad na ito), pumunta siya sa kabilang silid at pinagtatagpas, pinagpapatay niya ang mga naroroon. Massacre of the Innocents!

Ganap na tumahimik nga naman ngunit nang makabalik siya sa kanilang silid, sa halip na purihin at pasalamatan siya ni Kristo na nakaaalam ng kaniyang ginawa, sinabon siya nito at pinagsabihang hindi siya marunong maghunos-dili, bira lang nang bira, kaya inutusan siya ng Dakilang Maestro na bumalik sa kabilang silid, ayusin ang kaniyang ginawa, at isauli ang mga katawang pinagtatagpas niya. Masama ang loob na bumalik ang alagad na naghahangad sana ng papuri. Kaya nagmamaktol niyang pinag-aayos, ibinalik ang mga bahagi ng katawan ng kaniyang mga biktima, at dahil wala-sa-loob niya itong ginawa at sa pagmamadali o pagod na rin siguro, nagkapalit-palit, nagkasalit-salit ang mga bahagi ng katawan ng babae sa lalaki. Ito ang dahilan kung bakit may bakla at tomboy sa mundo.

Hindi malinaw kung anong etnolingguwistikong grupo ang pinagmulan ng ganitong kuwento. Ngunit malinaw na maaari lamang magmula ang ganitong mito sa mga binyagan (sa mga convertidos) dahil sa paggamit kay Kristo at San Pedro bilang mga pangunahing tauhan. Wala ring malinaw na pook na binanggit sa tagpuan ngunit matatandaan na may aktuwal na pagtukoy ito sa Bagong Tipan: si San Pedro rin ang tumagpas sa tenga ng Hudyong si Malkus sa hardin ng Hetsemane nang gabing ipinagkanulo ni Hudas ang Maestro. Palagian din ang pagsaway ni Jesus sa barumbadong si Pedro. Sa katunayan, sunod kay Hudas, si Pedro ang isa sa mahahalagang personahe sa pagsasadula ng senakulo. Bukod sa siya ang itinuturing na pinuno ng labindalawang disipulo kung kaya siya ang nauuna sa prusisyon, na madaling makilala dahil sa kasamang manok o hawak na susi, si Pedro rin ang isa sa mismong karakter ng pagbabalik-loob at pagkakatubos na itinuturing na pinakatema ng buong selebrasyon ng Kuwaresma.

## IV
## *Ang Cantora*

Nagsimulang magtanghal sa Soledad ng Baao si Michael bilang cantora noong 1992. Pagkatapos mamatay ng kaniyang nanay na kasama sa mga unang grupo ng cantora sa bayan, si Michael na ang pumalit bilang cantora. Ngunit hindi lamang siya ang nagkaroon ng pagkakataong umawit sa Soledad. Sa isang Sabado de Gloria, kasabayan niyang umawit ang kaniyang nanay at ang kaniyang kapatid na pari sa kanilang pagtatanghal. Hindi eksklusibo ang pag-awit sa Soledad de Baao sa mga babae o mga lalaki. Pangunahing kahingian pa rin ang kakayahang umawit.

Bunso sa pitong magkakapatid si Michael. Kilalang angkan sa bayan ng Baao ang kaniyang pamilya. May mga may-ari ng malalaking poultry at gasolinahan, may mga pari at madre, may mga naglilingkod sa pamahalaan. May-ari ng "semi-Catholic school" ang kaniyang kapatid na babae. Sa kanilang pamilya, hilig na ang musika, at para sa maliit na bayang ito, nagaganap ang mga pagtatanghal at mga pagtitipon sa parokya, ang kabisera ng sibilisasyon at kultura. Kaya bata pa lamang siya ay tumutugtog na siya sa Estudiantina at hanggang sa ngayon, patuloy siyang umaawit sa parokya bilang bahagi ng Barlin Choir. Empleado siya ng Baao National High School, nagtuturo ng MAPE. Sabi ni Michael, madalas siyang isama noon ng kaniyang nanay sa mga pagsisimba nito, at kung saan may mga padasal para sa piyesta o para sa mga patay.

Tuwing Soledad, ang nanay niya noon ang umaawit. Nakadamit ito ng itim, katulad ng Dolorosa. Wala pang mga arko o altar-entablado noon. Sa loob lamang ng bahay ang mga cantora at, ayon pa kay Michael, hindi nga minsan nagpapakita sa mga nagpuprusisyon. Sapat nang marinig nila ang *maludok na awit* sa wikang Kastila o Latin, mga wikang unti-unti nang namamatay o itinuturing nang patay ngunit muling nabubuhay sa panahon ng Kuwaresma, sa panahon na patay ang *Verbum Dei* (ang salita ng Diyos).

Nang namatay ang kaniyang nanay, si Michael, ang bunsong anak, ang pumalit sa pag-awit sa Soledad. Marami rin sa Baao ang mga cantorang kasabayan ni Michael; may tatlong magkakapatid na babae mula sa pamilya Buena, at ilan ding mga hindi taga-Baao ang kinukumbida upang umawit sa Soledad.

Noong una'y nakadamit panlalaki pa si Michael, hanggang sa maisipan niyang pagandahin ang lugar na kaniyang inaawitan, ang altar-entablado. Pinalagyan niya ng arko na nasasamyuan ng mga bulaklak. Nang magsimula ang pagpalagay ng arko at ng entabladong pagtatanghalan, ginaya na rin ito ng ibang bahay. Pitong bahay, pitong punyal ang estasyon ng La Soledad. Kinalaunan, nagdesisyon si Michael na lumabas at umawit sa ibabaw ng mga entabladong ito. At nagdamit siya na katulad ng sa mga Maria. Ani Michael, iba-iba rin ang tema ng kaniyang damit sa parehong paraan na hindi rin daw nag-uulit ng damit ang mga Marias.

Noong una, sabi niya, nahiya rin siya kahit papaano, lalo pa't alam ng buong bayan na kapatid siya ng pari. Ngunit sa palagay ni Michael ay nasanay na sa kaniya ang mga tao dahil, sabi niya, hindi "homophobic" ang mga taga-Baao, at basta nagtatrabaho nang maayos, maaari kang respetuhin ng mga tao. "Napakaekonomikal na kondisyon," sabi ko.

Kung kaya tinanong ko siya kung magkano naman ang ibinabayad. Wala raw fixed price, ngunit mataas na ang tatlong libo para sa isang gabi. Dalawang awit na iyon, at malamang siya rin ang nagbibigay ng ideya kung paano aayusin ang altar-entablado.

Dahil panahon ng Semana Santa, kailangang hindi masyadong marangya ang mga bulaklak; may matatandang sumisimangot pa rin kapag nakakakita ng maraming bulaklak sa altar.

Sa isang gabi, maaaring dalawa ang bahay na kumuha sa kaniya para umawit. Kung kaya puwedeng sa isa ay boses babae siya, at sa isa ay boses lalaki naman. Sa isa, maaaring nakasuot siya ng peluka, at sa isa nama'y hitsura siyang lalaki. Semi-kalbo ang gupit niya ngayon, kaya hindi na rin mahirap sa kaniya ang pagpalit-anyo. Sa pagtatapos ng prusisyon, tiyak na magtatawanan ang kaniyang mga kaibigang bakla sa kaniyang pagdodoble-kara tuwing Soledad. Tinanong ko si Michael kung debosyon na bang maituturing ang pag-awit sa Soledad. Sinagot niya ako ng oo, at ngayon daw ay nagagawa niya nang tumingin sa Mater Dolorosa, ang kaniyang inaawitan, sinusuyo sa matinding pagluluksa nito sa kamatayan ng kaniyang bugtong na anak.

Habang ikinukuwento ito ni Michael, naalala ko ang sinabi ni Roland Barthes sa kaniyang *A Lover's Discourse*: "Historically, the discourse of absence is carried on by the Woman. Woman is sedentary. Man hunts, journey; Woman is faithful (she waits). Man is fickle (he sails away, he cruises). It is woman who gives shape to absence, elaborates its fiction,

for she has to do so; she weaves and she sings ... It follows that in any man who utters the other's absence *something feminine* is declared: this man who waits and who suffers from his waiting is miraculously feminized."

May hinihintay ba si Michael na tugon sa kaniyang dasal? Hindi niya sinagot ang tanong kong iyon. Ano ba ang kinakatawan ng isang bakla sa ganitong relihiyosong ritwal? Maaari kayang sa partisipasyon na ito nakapaloob ang psycho-spiritual na sinasabi ni J. Neil C. Garcia, na relihiyon ang puno't dulo pa rin ng pag-iral ng ating mga buhay, kaya sa mga imahen at mga santo pa rin natin iniuugnay ang ating mga asi-asi. Tulad rin ito ng pagsasakatawan ng mga identidad sa pamamagitan ng mga debosyon at delusyon nating manatiling katoliko sa anyo at diwa.

Balik tayo sa prusisyon: sa kabila ng kanilang pangkat-pangkat na pag-uusap at pagdarasal, mararamdaman pa rin na may isang uri ng kaisahang dumadaloy sa mga katawan at nagpapatakbo sa mga katawang ito upang umayon at tapusin ang buong ritwal ng prusisyong ginugunita ang paghahanap sa mga labi at libingan ni Jesus. Ang ganitong pagbasa sa kung paano kumikilos ang mga búhay at buhay ng katawan ay maaaring iugnay sa kaisipan ni Michel Foucault, sa kung paano ang mga institusyong katulad ng simbahan ay makapangyarihang nagdidikta o nagtataguyod pa rin ng mga daang tatahakin lamang sa loob ng prusisyon na inaasahang magiging kabayaran din sa pagpapatawad sa mga kasalanang ginawa o kabutihang hindi ginawa, katubusan sa pagtupad sa panata o ang kahingian sa paghingi ng mga biyaya at pabuya.

Pansinin: Maging ang pagpili sa mga bahay kung saan hihinto ang karosa ng Soledad ay nakadepende pa rin sa simbahan, sa mga laikong tumutulong sa mga pari. Madalas na ang mga laikong katuwang sa pamumuno sa parokya ang siya rin namang pinagtatahanan ng karosa ng Dolorosa sa gabi ng Soledad. Dahil kalimitan na ang mga laikong pinuno na ito ay nagmumula sa may kayang mga angkang maliit na bayan ng Baao sila rin ang mga nagmamay-ari ng ilang karosang ginagamit sa mga prusisyon ng parokya.

*Harani sa uring* (malapit sa uling). Ito ang sinasabi ng matatanda para tukuyin ang herarkiya ng relasyong namamagitan sa parokya bilang sentro o bukal ng kapangyarihang politikal (publiko) at espiritwal (personal) at sa mga nasasakupan nito at nagpapasakop dito. Kung kaya patuloy na pinapanatili ng parokya o ng simbahan ang relasyon sa mga nagmamay-ari sa karosa, na maaaring tukuyin bilang peti-burges. Na ang yaman ay hindi na lamang sa kung ano ang kasalukuyang kalagayan

ng mga ito, kundi sa bisa na rin ng katandaan ng angkan sa loob ng bayan, at sa kung paano ito tumugon sa pagiging malapit nito sa uling o sa parokya. Sa piniling estasyon kung saan hihinto ang Soledad, kapansin-pansin ang arkitektura ng mga lumang bahay na may mga bintanang yari sa capiz, may malalapad na pintuan, may malawak na bakuran, at may terasa kung saan madalas noong umaawit ang mga cantora. Sa pagbisita sa mga bahay na ito, mapapansin na ilan sa mga bahay na ito ay dumaan na rin sa renovation ngunit patuloy pa rin itinatanghal ang imbokasyon sa pagiging luma nito, na nananatili ito sa kabila ng panahon at pagsulputan ng mga bagong karosa. Iba pa rin ang imahen ng yari sa kahoy at ang mga bagong gawa sa resin.

Habang ginagawa ang Soledad, patuloy naman ang senakulo ng mga sa covered court. Sa katunayan mag-aabot pa ang prusisyong naghahanap ng labi't libingan ng Soledad at ang pagsasadula naman ng paghahanap ni Santa Reyna Elena ng totoong pinagpakuang krus kay Kristo ng mga colorum. Sa sari-saring pagtatanghal na pumapaloob sa mga ritwal ng Soledad at senakulo sa Baao, nagtatagisan ang iba’t ibang kabalintunaan.

Sa puyo ng selebrasyong ito, naroroon si Michael at ang iba pang cantora, ang mga taong simbahan at taumbayan, mula sa sakristan hanggang sa kura, ang mga mga disipulos, ang mga miron, tayong mga colorum, nagsasalo-salo sa isang uri ng pagtatanghal, isang pagbabanyuhay ng katawan dahil ito naman ang higit na inaasahan sa panahon ng Kuwaresma. Ang pagbabagong-buhay ay pagbabagong-katawan at iginigiit ito ngayon sa pagtatanghal ng bakla bilang cantora ng mga awit ng pagluluksa at paghihintay, at ng mga Colorum, silang pagkatapos ng kanilang pagtatanghal ay sasakay na muli sa isang kolorum na bus at magbabalik sa kani-kanilang mga lugar. May mga nagsasabing hindi naman daw taga-Baao ang mga ito, tagalabas. Anuman, hindi sila nakikibahagi sa prusisyon ng Soledad dahil may kailangan din silang tapusing dula. Katulad sa kung paano kailangang magbihis nang makailan ni Michael para tugunan ang kaniyang pagiging cantora sa gabing itong Soledad.

Sa pagtatapos ng Kuwaresma, bumabalik ang lahat sa mga dating kaayusan, dating mga katauhan sa katawan na kinondisyon ng kategoryang bumubuo sa atin: ang anak o magulang, ang puta, ang bata, ang pari, ang banal, ang baliw, ang guro, ang estudyante, ang makasalanan, ang ibinukod sa lahat—ang Soledad. At lagi’t lagi pa

ring mamamayani ang mga kaayusang kinokondisyon ng relihiyon, ng maliit na estado, at ng pangangailangang maghanap-buhay. At makikita ito maging sa maliit na bayan ng Baao na sa kaniyang mga ritwal na nakapadron sa Katolisismo ay naroroon pa rin ang pagtataguyod sa buhay patungo sa isang pagpapadayon na kalagayan, kung saan ang mga labi ng mga nagsa-Pilato, Hudas, Barabas, Hestas, at ang mga katawan ng nalalabi at nagpapatuloy na inkarnasyon ay buong-buo, bagong-bagong matutubos katimbang-kapalit ng isang awit na siya rin namang ipupuhunan ng mga bagong anghel (mga Easter Angels) na siyang hahawi ng itim na lambong sa salubong ngayong Linggong pagkabuhay.